

[Planning Code - Landmark Designation - Mint Mall and Hall at 951-957 Mission Street]

Ordinance amending the Planning Code to designate the Mint Mall and Hall at 951-957 Mission Street, in the south side Mission Street between 5th and 6th Streets, as a Landmark consistent with the standards set forth in Article 10 of the Planning Code; affirming the Planning Department's determination under the California Environmental Quality Act; and making public necessity, convenience, and welfare findings under Planning Code, Section 302, and findings of consistency with the General Plan, and the eight priority policies of Planning Code, Section 101.1.

NOTE: **Unchanged Code text and uncodified text** are in plain Arial font.
Additions to Codes are in single-underline italics Times New Roman font.
Deletions to Codes are in ~~strikethrough italics Times New Roman font~~.
Board amendment additions are in double-underlined Arial font.
Board amendment deletions are in ~~strikethrough Arial font~~.
Asterisks (* * * *) indicate the omission of unchanged Code subsections or parts of tables.

Be it ordained by the People of the City and County of San Francisco:

Section 1. Findings.

(a) CEQA and Land Use Findings.

(1) The Planning Department has determined that the Planning Code amendment proposed in this ordinance is subject to a Categorical Exemption from the California Environmental Quality Act (California Public Resources Code Sections 21000 et seq., hereinafter "CEQA") pursuant to Section 15308 of California Code of Regulations, Title 14, Sections 15000 et seq., the Guidelines for implementation of the statute, for actions by regulatory agencies for protection of the environment (in this case, landmark designation). Said determination is on file with the Clerk of the Board of Supervisors in File No. 250919 and is incorporated herein by reference. The Board of Supervisors affirms this determination.

1 (2) Pursuant to Planning Code Section 302, the Board of Supervisors finds that
2 the proposed landmark designation of Mint Mall and Hall (Mint Mall) will serve the public
3 necessity, convenience, and welfare for the reasons set forth in Historic Preservation
4 Commission Resolution No. 1477, recommending approval of the proposed designation,
5 which is incorporated herein by reference.

6 (3) The Board of Supervisors finds that the proposed landmark designation of
7 Mint Mall is consistent with the General Plan and with Planning Code Section 101.1(b) for the
8 reasons set forth in Historic Preservation Commission Resolution No. 1477, which is
9 incorporated herein by reference.

10 (b) General Findings.

11 (1) On July 29, 2024, the Board of Supervisors adopted Resolution No. 394-25,
12 initiating landmark designation of Mint Mall as a San Francisco Landmark pursuant to
13 Section 1004.1 of the Planning Code. On August 5, 2025, the Mayor approved the resolution.
14 Said resolution is on file with the Clerk of the Board of Supervisors in File No. 250783.

15 (2) Pursuant to Charter Section 4.135, the Historic Preservation Commission
16 has authority "to recommend approval, disapproval, or modification of landmark designations
17 and historic district designations under the Planning Code to the Board of Supervisors."

18 (3) The Landmark Designation Fact Sheet was prepared by Planning
19 Department Preservation staff. All preparers meet the Secretary of the Interior's Professional
20 Qualification Standards for historic preservation program staff, as set forth in Code of Federal
21 Regulations Title 36, Part 61, Appendix A. The report was reviewed for accuracy and
22 conformance with the purposes and standards of Article 10 of the Planning Code.

23 (4) The Historic Preservation Commission, at its regular meeting of September
24 3, 2025, reviewed Planning Department staff's analysis of the historical significance of Mint
25 Mall set forth in the Landmark Designation Fact Sheet dated August 27, 2025.

1 (5) On September 3, 2025, after holding a public hearing on the proposed
2 designation and having considered the specialized analyses prepared by Planning
3 Department staff and the Landmark Designation Fact Sheet, the Historic Preservation
4 Commission recommended designation of Mint Mall as a landmark consistent with the
5 standards set forth in Section 1004 of the Planning Code, by Resolution No. 1477. Said
6 resolution is on file with the Clerk of the Board in File No. 250919.

7 (6) The Board of Supervisors hereby finds that Mint Mall has a special character
8 and special historical, cultural, architectural, and aesthetic interest and value, and that its
9 designation as a Landmark will further the purposes of and conform to the standards set forth
10 in Article 10 of the Planning Code. In doing so, the Board hereby incorporates by reference
11 the findings of the Landmark Designation Fact Sheet.

12
13 Section 2. Designation.

14 Pursuant to Section 1004.3 of the Planning Code, the Mint Mall at 951-957 Mission
15 Street is hereby designated as a San Francisco Landmark consistent with the standards set
16 forth in Section 1004. Appendix A to Article 10 of the Planning Code is hereby amended to
17 include this property.

18
19 Section 3. Required Data.

20 (a) The description, location, and boundary of the Landmark site consists of the
21 historic structural footprint of the Mint Mall, being on Assessor's Parcel number 3725/088 on
22 the south side of Mission Street between 5th and 6th Streets in San Francisco's SoMa
23 neighborhood, inclusive of publicly-accessible interiors of the Mint Mall commercial areas.

24 (b) The characteristics of the Landmark that justify its designation are described and
25 shown in the Landmark Designation Fact Sheet and other supporting materials contained in

1 Planning Department Record Docket No. 2024-002473DES. In brief, The Mint Mall building at
2 951-957 Mission Street is eligible for local designation as a cultural property with statewide
3 recognition in the Filipino community (National Register of Historic Places Criterion A) as the
4 Mint Mall is associated with a pattern of events that have made a significant contribution to
5 Filipino culture and history in northern California. Mint Mall (commercial basement, street-level
6 and mezzanine) has been a hub of business, cultural activities and social service
7 organizations in support to the Filipino community in the Mint Mall, the neighborhood and
8 region. The wide, street-like interior hallways of the Mint Mall also provides physical space for
9 socialization for the residents above and the community in the area. The Mint Mall's upper
10 residential floors have offered affordable housing for a community of residents who have been
11 able to leverage their time at the Hall to both become established in homes of their own,
12 sponsor extended family and send remittances back to the Philippines. The Mint Mall has long
13 been a cultural landmark. When around 2000 the intrusion of dot.com office spaces into the
14 Mall threatened the viability of the Mint Mall, the community organizing efforts to retain the
15 Filipino presence in of the building led to the formation of SOMCAN and eventually the SOMA
16 Pilipinas – Filipino Cultural Heritage District.

17 (c) The particular features that should be preserved, or replaced in-kind as determined
18 necessary, are those generally shown in photographs and described in the Landmark
19 Designation Fact Sheet, which can be found in Planning Department Record Docket No.
20 2024-002473DES, and which are incorporated in this designation by reference as though fully
21 set forth herein. Specifically, the following features are character-defining and shall be
22 preserved or replaced in kind:

23 All those elements of Mint Mall identified as:

24 1. Exterior

25 A. Five-story with Mezzanine massing with formal frontage on Mission Street;

- B. Informal façade on Minna Street;
- C. Brick and reinforced concrete construction;
- D. On Mission Street, the postmodern storefront featuring metal storefront and transom;
- E. Canted terrazzo base;
- F. Central plinth block;

2. Interior

- A. Broad, street-like interior corridors on three levels;
- B. Round neon sign reading "Mint Mall" on interior side of central plinth;
- C. Checkered tiled floor;
- D. Open stair;
- E. At basement level interior, wood "bay window" storefront windows into the common hallway and
- F. Built-in planters;
- G. At street-level, wooden cutouts at individual storefronts.

Section 4. Standards of Review for Applications.

The following scopes of work shall not require a Certificate of Appropriateness, or shall be subject to an Administrative Certificate of Appropriateness, as specified below:

(a) No Certificate of Appropriateness shall be required for work consisting of "ordinary maintenance and repairs," pursuant to Planning Code Section 1005(e)(3). For purposes of this ordinance, "ordinary maintenance and repairs" for interior features listed in Section 3 (c) shall include painting previously painted surfaces, replacement glazing, replacement of doors to individual storefronts within existing openings, in-kind replacement of damaged flooring not exceeding 100 square feet, and plumbing electrical (including replacement of or additional

1 lighting fixtures or fire safety equipment), in-kind maintenance of the neon sign, or mechanical
2 work for the maintenance of the building;

3 (b) No Certificate of Appropriateness shall be required for non-structural interior
4 alterations and maintenance within non-character-defining internal storefronts including the
5 redistribution of area between individual suites of the Mint Mall portion of the building;

6 (c) No Certificate of Appropriateness shall be required for any interior work to the Mint
7 Hall portion of the building and

8 (d) An Administrative Certificate of Appropriateness shall be required for work
9 delegated by the Historic Preservation Commission to Planning Department Preservation staff
10 pursuant to Planning Code Section 1006.2, and to alter any interior features listed in Section 3
11 (c) which are not otherwise exempted in (a), (b), or (c) in this section.

12
13 Section 5. Effective Date.

14 This ordinance shall become effective 30 days after enactment. Enactment occurs
15 when the Mayor signs the ordinance, the Mayor returns the ordinance unsigned or does not
16 sign the ordinance within ten days of receiving it, or the Board of Supervisors overrides the
17 Mayor's veto of the ordinance.

1
2 APPROVED AS TO FORM:
3 DAVID CHIU, City Attorney

4 By: /s/ Andrea Ruiz-Esguide

5 ANDREA RUIZ-ESQUIDE
6 Deputy City Attorney

7 n:\legana\as2025\1800206\01865934.docx
8
9
10
11
12
13
14
15
16
17
18
19
20
21
22
23
24
25



City and County of San Francisco
Tails
Ordinance

City Hall
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
San Francisco, CA 94102-4689

File Number: 250919

Date Passed: October 07, 2025

Ordinance amending the Planning Code to designate the Mint Mall and Hall at 951-957 Mission Street, in the south side Mission Street between 5th and 6th Streets, as a Landmark consistent with the standards set forth in Article 10 of the Planning Code; affirming the Planning Department's determination under the California Environmental Quality Act; and making public necessity, convenience, and welfare findings under Planning Code, Section 302, and findings of consistency with the General Plan, and the eight priority policies of Planning Code, Section 101.1.

September 29, 2025 Land Use and Transportation Committee - RECOMMENDED AS
COMMITTEE REPORT

September 30, 2025 Board of Supervisors - PASSED, ON FIRST READING

Ayes: 11 - Chan, Chen, Dorsey, Engardio, Fielder, Mahmood, Mandelman, Melgar,
Sauter, Sherrill and Walton

October 07, 2025 Board of Supervisors - FINALLY PASSED

Ayes: 11 - Chan, Chen, Dorsey, Engardio, Fielder, Mahmood, Mandelman, Melgar,
Sauter, Sherrill and Walton

File No. 250919

I hereby certify that the foregoing
Ordinance was **FINALLY PASSED** on
10/7/2025 by the Board of Supervisors of the
City and County of San Francisco.

f Angela Calvillo
Clerk of the Board

Daniel Lurie
Mayor

OCT 16, 2025

Date Approved



FACT SHEET NG EXHIBIT C NG ARTIKULO 10 PAGTATALAGA NG POOK

Filipino(Tagalog) nagsisimula sa pahina 15

Makasaysayang Pangalan:	Mint Mall and Hall
Address:	951-957 Mission Street
Block/ (Mga) Lot:	3725/088
Area ng Parsela:	12,857.6 sq ft
Zoning:	C-3-S Downtown Support
Taon ng Pagtayo:	1916
Arkitekto	Smith and Stewart
Mga Nakaraang Pag-aaral sa Kasaysayan/Iba pang Pagtatalaga:	Artikulo 11, Kategoriya IV (Kontribusyon), Mint-Mission Conservation District 3CD – Plano sa area ng Central SoMa; Pang-arkitekturang Survey ng 1976
Mga Nakaraang Aksyon ng HPC:	Wala
Mga Pamantayan ng Kahalagahan:	Pamantayan A para sa Kultural na Kahalagahan, isang pattern ng mga kaganapan, mga naulit na aktibidad, o mga trend sa kasaysayan.
Panahon ng Kahalagahan:	1981-2002/kasalukuyan Nagsimula sa pagbubukas ng unang negosyo at nagtatapos pagkalipas ng legal na paglilitis para maipreserba ang Mall. Nagpapatuloy dahil tumatakbo at ginagamit pa rin ang Mall and Hall.
Pahayag Tungkol sa Kahalagahan:	Ang Mint Mall ay isang espasyong ginagamit para sa retail at bilang opisina na matatagpuan sa ibaba ng ilang palapag na ginagamit bilang tirahan na kilala bilang Mint Hall, na mayroong 116 na apartment. Ang Mint Mall and Hall ay isang gusaling may matagal nang kaugnayan sa populasyon ng mga Filipino ng San Francisco at isang napakahalagang elemento sa SOMA Pilipinas, ang Filipino Cultural Heritage District ng San Francisco. Ang gusali ay mahalaga sa ilalim ng Pamantayan “A” ng Pambansang Rehistro bilang matagal nang nakatayong ligtas na lugar kung saan magagawa ng mga matagal na at bagong imigrante na magtipon sa komunidad, na kadalasang may iisang mga kasaysayan at wika kung saan puwedeng maging matatag ang mga pamilya sa tulong ng isa't isa, may mga negosyong nagpapakabo sa loob ng gusali, at may mga kultural, pang-edukasyon, panlibangan, at panlipunang aktibidad na bumubuo sa isang aktibong buhay. (Ipinagpapatuloy sa Pahina 2)

Pagtatasa sa Integridad:	Napapanatili sa Mint Mall ang lahat ng aspeto ng integridad dahil: nasa orihinal na lokasyon ito at narito pa rin ang mga materyal sa interior at exterior nito mula sa pagkakatatayo nito noong 1979, sa mahusay na pagkakagawa na nasa magandang kundisyon pa rin ang mga interior; pakiramdam na small-scale na indoor na shopping center; at nagpapatuloy na kaugnayan sa komunidad ng mga Filipino.
Mga Feature na Nagbibigay-katangian:	Ang mga iminumungkahing feature na nagbibigay-katangian ay ang: Gusaling may limang palapag na may mezzanine na hugis at istruktura na may pormal na frontage sa Mission Street at hindi pormal na façade sa Minna Street. Gawa sa ladrilyo at reinforced concrete, sa Mission Street, ang postmodern na storefront na may nakahilig na terrazzo base at central plinth block. (A) Hugis at istruktura ng gusali; (B) Metal na storefront at transom; (C) Central plinth block sa storefront na hanggang exterior at interior na may interior-mounted na pabilog na karatula na may neon na text na "Mint Mall" (D) Malawak na mga pasilyo sa interior na gaya ng sa kalsada sa tatlong palapag na may checkered na may mga tile na sahig, bukas na hagdan; (E) Sa interior ng basement, kahoy na bay window" na mga bintana sa storefront patungo sa pasilyong daanan ng publiko at mga built-in na paso; (F) Sa interior ng unang palapag, mga kahoy na cutout sa bawat storefront.

Pahayag Tungkol sa Kahalagahan (Ipinagpapatuloy mula Pahina 1)

Ang SOMA Pilipinas ay tahanan ng makulay na buhay na kultura at makasaysayang pamana na humubog sa komunidad ng South of Market at San Francisco sa nakalipas na siglo. Ang distrito, na tahanan ng libu-libong pamilya at nakatatandang Pilipino, ay isang nakakabighaning sentro ng kultura para sa mga Filipino sa California, na bumubuo sa pinakamalaki at pinakamabilis na lumagong komunidad ng Asian-Pacific Islander sa estado kung saan naninirahan ang 43% ng mga Filipino na naninirahan sa U.S.¹ Mayroong detalyadong kasaysayan ng mga Filipino sa San Francisco na matatagpuan sa "San Francisco Filipino Heritage Addendum to the South of Market Historic Context Statement" na isinulat ng Page & Turnbull at natapos noong Marso 2013.² Sa ulat na ito, tinatalakay ang Mint Mall and Hall:

Ang isa sa mga pinakakilalang establisimiyentong Filipino sa SOMA ay ang Mint Mall, na isang gusaling ginagamit sa iba't ibang aktibidad na matatagpuan sa 953 Mission Street na binili ng pamilyang Nocon noong dekada 70. Mula noon, tinirhan ng mga bagong dating na pamilyang Filipino ang karamihan sa mga apartment, habang ang komersyal na espasyo sa unang palapag ay naging tahanan ng maraming organisasyong nagbibigay-serbisyo sa komunidad ng mga Filipino.³

¹ "SOMA Pilipinas – Filipino Cultural Heritage District," (n.d.), <https://www.caculturaldistricts.org/soma-pilipinas>, in-access noong Agosto 14, 2025.

² Matatagpuan sa website ng Departamento ng Pagpapalano ang pahayag ng konteksto: https://default.sfplanning.org/Preservation/central_soma_hrs/SOMA_Filipino_Heritage_HCS_Final_Report-031313.pdf (in-access noong Agosto 21, 2025)

³ Page & Turnbull, *Addendum sa Pamanang Filipino sa San Francisco sa Pahayag sa Makasaysayang Konteksto ng South of Market* (2013, Marso 13), 26, https://default.sfplanning.org/Preservation/central_soma_hrs/SOMA_Filipino_Heritage_HCS_Final_Report-031313.pdf, in-access noong Agosto 22, 2025.

Paglalarawan ng Site

Ang Mint Mall and Hall sa 951-957 Mission Street ay isang gusaling may limang palapag na may estilong Edwardian/Postmodern na ginagamit sa iba't ibang layunin (tirahan sa itaas at pangkomersyo sa ibaba) na gawa sa reinforced concrete na mayroong mezzanine at parisukat na plano ng palapag at may cladding na scored na stucco at patag na bubong. Sakop ng gusali ang kabuuang 12,857.6 square foot na lote nito sa timog-silangang bahagi ng Mission Street sa pagitan ng Mary Street at 6th Street.

Ang pangunahing facade ay nakaharap sa hilagang-kanluran patungo sa Mission Street. Ang unang palapag at mezzanine ay nahahati sa apat na bay at binago ang hitsura ayon sa estilong Postmodern. Ang mga bay ay may mga granite dado at hinati sa mga parisukat na pilaster na may dalawang bilog na ornamento at may angled na capital sa itaas. Ang unang palapag at mezzanine ay ipinaghihiwalay ng magkakatabing stone panel, at ang mezzanine ay may dekorasyong mga stone panel sa itaas at cornice sa gitna. Ang bawat isa sa apat na bay ay may mga storefront na may mga salamin at anodized na aluminum-frame. Ang ikalawang bay mula sa kaliwa ay nakaurong paloob at may dalawang pares ng mga salaming double door. Nakakurba ang magkakatabing stone panel sa itaas nito. Ang pinakadulong bay sa kanan ay bahagyang nakaurong paloob at may dalawang pedestrian door na ganap na gawa sa salamin at may aluminum-frame. Mayroon din itong nakakurbang magkakatabing stone panel sa itaas.

Ang mezzanine ng bawat bay ay may multi-lite na anodized na aluminum-sash na mga bintana na may mga nakapirmi at hopper na bahagi. Ang ikalawa hanggang ikalimang palapag ay hati sa walong bay. Ang mga bay sa bawat gilid ay mas makitid at may maliliit, one-over-one, double-hung, wood-sash na bintana. Ang lahat ng iba pang bay ay may pares ng mga bintana na magkakapareho ng uri. Mayroong metal na fire escape sa kanang bahagi mula ikalawa hanggang ikalimang palapag, na may hagdan na paakyat sa bubong. Ang facade ay nagtatapos sa isang kapansin-pansing entablature na may palamuting frieze na may pabilog na disenyo, egg-and-dart na molding, magkakaparehang bracket, at isang may modillion na cornice.

Ang facade sa likod ay nakaharap sa timog-silangan patungo sa Minna Street at may cladding na stucco. Ang unang palapag ay may apat na nakaurong paloob na pasukan para sa pedestrian na may takip na metal na security gate, at ilang nakapirming bintana na may napakakitid na transom lite, at mga metal na security bar. Mayroong light well mula ikalawa hanggang ikalimang palapag sa kaliwang bahagi ng facade, na may mga wood-sash na bintana na one-over-one at double-hung. Ang bawat palapag ay mayroong dalawang flush wood o metal na pinto para sa pedestrian na nagbibigay-daan patungo sa mga fire escape. Ang facade ay nagtatapos sa isang patag at walang palamuti na roofline.

Nakaharap sa paradahan ang facade sa hilagang-silangan. Mayroong dalawang malalim at malapad na light well na nagsasalitan na may tatlong makitid at mababaw na light well na humahati sa facade mula sa ikalawang palapag hanggang sa roofline. Mayroong iba't ibang one-over-one, double-hung, na wood sash na bintana sa mga light well at sa kaliwang dulo ng facade.

Ang facade ay nagtatapos sa isang flat at walang palamuting roofline. Ang hilagang-kanlurang facade ay katabi ng kalapit na gusali at hindi ito nakikita.

Ang interior ng Mint Mall (953 Mission) ay binubuo ng mga espasyo sa unang palapag, basement, at mezzanine, na nakaayos nang may gitnang pasilyo na may mga indibidwal na tindahan sa magkabilang gilid. Kapag pumasok sa harapan ng mall, may malapad na pasilyo na may bukas na hagdan paibaba sa mga espasyo sa basement at pataas sa bahagi ng mezzanine. Mayroong hagdan nagkokonekta sa tatlong palapag. Sa kabuuan, mayroong humigit-kumulang 25

indibidwal na espasyo para sa nangungupahan. Mayroong solid na plinth na mula sa exterior at interior hanggang sa storefront, at sa loob ay may naka-mount na bilog na karatulang may neon na ilaw na nagsasaad na Mint Mall ang lugar na ito. Ang pasilyo sa unang palapag at basement ay idinisenyong gayahin ang bawat espasyo, kung saan ang basement ay may mga bay window na may takip na mga kahoy na shingle sa pagitan ng pasilyo at interior ng bawat pangkomersyong espasyo. Mayroong mga ceramic na tile na sahig ang lahat ng palapag. Mayroong mga pampublikong banyo sa unang palapag at basement. Mayroong maliit na pangkomersyong espasyo (955 Mission) na nakaharap sa Mission Street at hindi napupuntahan mula sa loob ng Mall.

Ang loob ng Mint Hall (957 Mission), na residensyal na bahagi, ay hindi bukas sa publiko, ngunit mayroon itong mga apartment hotel na nakaayos sa apat na itaas na palapag.

Pagbabago ng Gusali sa 951-957 Mission Street: 1916-1981

Ang gusali na ngayon ay ang Mint Mall and Hall ay itinayo noong 1916 bilang isang hotel na may mahigit 250 silid. Noong huling bahagi ng dekada 40, ang residensyal na bahagi ay ginawang mga apartment, na kasalukuyang binubuo ng 115 apartment at isang guest room.⁴ Ang pangkomersyong espasyo ay inisyal na binubuo ng ilang storefront na nakaharap lahat sa Mission Street. Noong kalagitnaan ng dekada 70, ang gusali ng Mint Mall and Hall ay kilala bilang Dove Apartments, at ang pangkomersyong palapag ay ginamit ng “The Economy Center,” na isang tindahan ng mga furniture para sa opisina.⁵ Hindi pa tukoy ang demograpiko ng Dove Apartments noong isinulat ito, ngunit noong magbukas ang Philipina Café sa Mint Mall noong 1981, sapat na ang dami ng populasyon ng mga Filipino upang suportahan ang negosyo.⁶

Makikita sa mga building permit mula 1978 at 1979 ang pagsisimula ng pagbabago ng unang palapag na dating ginamit ng mas malalaking negosyo na nakaharap sa Mission Street at mga imbakan sa ibaba nito, patungo sa isang mall configuration na may mas maliliit na espasyo na mapupuntahan mula sa isang malawak na gitnang pasilyo na perpendicular sa Mission Street.⁷ Noong 1979, sinimulan ng mga may-ari ang proseso ng paggawa sa magiging Mint Mall sa pamamagitan ng pagpapalawak ng paggamit ng pangkomersyong espasyo hanggang sa basement, at pagsama-sama ng mga storefront sa isang mall. Nang magbukas ang “Mint Mall Shopping Center” noong 1981 at ang unang naitalang nangungupahan nito na ay ang “Philipina Café,”⁸ nagkaroon ng oportunidad na makabuo ng komunidad sa pamamagitan ng maraming maliit na negosyo at nonprofit na madaling mapupuntahan ng mga residente sa itaas at ng mga Filipino sa komunidad.

Pagtataguyod sa Mint Mall and Hall bilang “Nerve Center ng Komunidad”

Para sa mga Filipino na nangingibang bansa, matagal nang destinasyon ang San Francisco at Bay Area, na pinupuntahan nila nang may layuning pagbutihin ang mga buhay nila at ng kanilang mga pamilya. Nanirahan sa komunidad ng South of Market ang karamihan sa mga bagong dating na pamilya, lalo na noong panahon ng pagdagsa ng mga imigranteng Filipino pagkalipas ng 1965

⁴ Departamento ng Inspeksyon sa Gusali ng San Francisco, Ulat ng Residensyal na Rekord 199706175290, inisyu noong Hunyo 17, 1997.

⁵ Departamento ng Pagpapalano ng San Francisco, Rekord ng Survey Tungkol sa Kalidad ng Arkitektura Noong 1976 para sa 951 Mission Street. Makikita sa nakalakip na larawan ang mga karatula ng negosyo.

<https://sfplanninggis.org/docs/1976/3725088.PDF>, in-access noong Agosto 14, 2025.

⁶ Numero ng Building Permit 8100596 para sa karatula ng negosyo ng restaurant.

⁷ Idinedetalye sa mga numero ng Building Permit 7905861, 70054, 8000941 ang paggawang mall configuration sa espasyo.

⁸ Numero ng Building Permit 8100596 para sa karatula ng negosyo ng restaurant.

dahil sa mga abot-kayang upa nito. Bagama't ang South of Market ay naging isang "gateway na komunidad" para sa mga imigranteng Pilipino papunta sa San Francisco Bay Area simula pa noong dekada 60 at 70,⁹ lumipat sa iba't ibang lugar ang sentro ng komunidad. Ayon sa pananaliksik na isinagawa ng lokal na historyador ng komunidad na si MC Canlas, ang aktibidad ng mga Filipino sa South of Market noong dekada 70 ay pangunahing nakasentro sa Howard Street sa pagitan ng 8th at 10th. Ang mga Filipinong naninirahan sa Natoma Street at Minna Street ay nagtitipon sa St. Joseph's Church (1401 Howard) at sa Gusaling Pilipino (*Filipino Building*) (1201 Howard), na isang dating sentro ng pagtitipon para sa mga artist, aktibista ng komunidad, tagapagbigay ng serbisyo, at mga residente, na kasalukuyang okupado ng Uni-Mart grocery store.¹⁰

Dahil sa pagbili ng pamilyang Nocon ng Mint Mall (953 Mission) at pagbili ng pamilyang Borja ng Delta Hotel (88 6th St) noong kalagitnaan ng dekada 70, lumipat ang sentro ng komunidad ng mga Filipino sa SOMA patungo sa Mission Street sa pagitan ng 5th at 6th.¹¹ Ang Mint Mall at ang Delta Hotel, na kilala ngayon bilang Bayanihan House na may unang palapag na okupado ng Bayanihan Community Center (1010 Mission), ay bumubuo sa isang "plaza" kasama ang kalapit na St. Patrick's Church (756 Mission). Si Canlas ay kumuha ng inspirasyon para sa modelong "plaza" mula sa mga plaza, o *munisipyo*, na bumuo sa sentro ng mga bayan sa Pilipinas noong panahon ng kolonyalismong Espanyol, na nasa paligid ng simbahan, *kumbento*, munisipyo, pamilihan, paaralan, at mga tahanan ng mayayaman.¹² Gayundin, ang nabanggit na mga gusali sa South of Market ay bumubuo sa plaza para sa mga Filipino na naninirahan sa komunidad, na nasa paligid ng isang community center (Bayanihan Community Center), residensyal na espasyo (Mint Hall), simbahan (St. Patrick's), at mga espasyo para sa retail at non-profit (Mint Mall), kasama ang Bessie Carmichael K-8 School/Filipino Education Center na malapit sa Harrison St.¹³

Mula pa noong dekada 90, nagsilbi ang Mint Mall bilang "nerve center" para sa sining, kultura, komersyo, at aktibismong Filipino sa San Francisco.¹⁴ Ang mga Filipino na residente na nakatira sa mga itaas na palapag ng gusali, na kilala bilang Mint Hall, ay sumuporta sa maraming negosyo at non-profit ng mga Filipino sa espasyo para sa retail ng Mint Mall. Bagama't hindi tiyak kung kailan eksaktong nagsimulang lumipat ang mga Filipino na nangungupahan sa gusaling ito, na malamang na hindi nagtagal pagkatapos na mabili ng pamilyang Nocon ang gusali, tinantiya ng ilang miyembro ng komunidad na nakapanayam para sa proyektong ito na 90% ng mga kasalukuyang bumubuo sa mga residente ng Mint Hall ay Filipino, at may ilang Indian, Latino, at puting pamilya na nakatira rin sa gusali. Dahil sa chain migration, karamihan sa mga Filipino na nangungupahan sa Mint Hall ay mula sa lalawigan ng Pampanga at nagsasalita ng Kapampangan, ngunit may malaking grupo ng mga nangungupahan na mula sa Visayas.¹⁵

⁹ Ulat Tungkol sa Kultural na Kasaysayan, Pabahay, Estratehiya sa Sustainability ng Ekonomiya (Cultural History, Housing, Economic Sustainability Strategy, CHHESS) ng SOMA Pilipinas (2022, Setyembre), 42-44, https://www.sf.gov/sites/default/files/2023-04/SOMA%20Pilipinas%202023%20CHHESS%20Final%20Report_0.pdf, in-access noong Agosto 22, 2025.

¹⁰ Pundasyon ng Pagpapaunlad para sa Filipino American, *Ethnotour ng SOMA Pilipinas: Pagtuklas sa Mga Kultural na Asset at Panlipunang Pamana ng San Francisco sa Dalawang Wika – English at Filipino/Tagalog* (San Francisco: Pundasyon ng Pagpapaunlad para sa Filipino American, 2013), 14.

¹¹ Ibid., 6.

¹² Pagkilala, *Pagprotekta at Paggunita sa Mga Resource sa Komunidad ng Distrito ng Panlipunang Pamana ng Pilipinas sa South of Market* (2011, Hulyo 13), 4-6. https://commissions.sfplanning.org/soma/DRAFT%20SoMa%20Philippines%20SUD_PAL%206_11.pdf, in-access noong Agosto 22, 2025.

¹³ MC Canlas (2025, Pebrero 19), panayam para sa Mint Mall (Z. Frial at W. Galila, mga tagapanayam).

¹⁴ Idem.

¹⁵ Ester at Nix Guirre (2025, Marso 17), panayam para sa Mint Mall (Z. Frial at W. Galila, mga tagapanayam).

Ang aktibismong pangkomunidad ay isang temang malinaw na kinakatawan sa Mint Mall and Hall. Ang pagbuo ng komunidad sa loob ng gusali at ng mga nangungupahan sa Mall at Hall ay nag-ugat sa mga naunang pakikibaka. Halimbawa, ibinahagi ng makata at lider ng komunidad na si Al Robles ang mga aral na natutunan niya mula sa pag-oorganisa sa International Hotel sa mga mas nakababatang henerasyon ng mga tagapag-organisa na nakasalamuha niya sa Mint Mall.¹⁶ Ang International Hotel, isang dating “nerve center” para sa mga Filipino sa Manilatown na giniba noong 1979 pagkatapos ng matinding pakikibaka at kontrobersiya, ay may mga storefront sa unang palapag na okupado ng mga organisasyong pangkomunidad tulad ng Sentro ng Komunidad ng Asyano (Asian Community Center, ACC), Progresibong Samahan ng mga Tsino (Chinese Progressive Association, CPA), Everybody’s Bookstore, Kearny Street Workshop, at pahayagang *Kalayaan*, at ang karamihan ng mga naninirahan sa mga unit ng tirahan para sa isang residente sa mga palapag sa itaas ay mga Filipino na residente.¹⁷ Ang kasaysayang ito ay idinedetalye sa aklat ni Chester Hartman na *City For Sale*:

“Kabilang sa mahahalagang manipestasyon ng tumataas na kamalayan at militanteng pagkilos hinggil sa mga problema sa pabahay ng lungsod ay ang pagtatanggol ng komunidad sa mga partikular na gusali, gaya ng International Hotel at ng Goodman Building. Ang International Hotel, na isang residensyal na hotel na may 150 silid para sa matatandang Tsino at Filipino, na matatagpuan sa Kearny Street at Jackson Street, sa kanto ng Chinatown at financial district, ay nagsilbing simbolo at tunay na natitirang bahagi ng komunidad ng Manilatown. (*“Ang I-Hotel ang buhay ng mga manong [nakatatandang kapatid], ang buhay ng mga Filipino. Ito ay ang kanilang puso, ang kanilang tula, ang kanilang awit,”* ayon sa makatang si Al Robles), at ang banta ng paggiba nito ay nagsilbing malinaw na simbolo ng salungatan sa pagitan ng interes para sa tubo ng mga nasa downtown at ng pangangailangan ng mga tao. Ang pag-atake sa I-Hotel ay nagresulta sa ilan sa mga pinakadramatikong protesta at tunggalian sa kasaysayan ng lungsod.”¹⁸

Ang Mint Mall ay nagbigay ng oportunidad para makabuo ng komunidad sa pamamagitan ng pag-aalok ng maraming maliit na negosyo at nonprofit na madaling mapupuntahan ng mga residente sa itaas at sa buong komunidad ng South of Market. Ang tatlong palapag na may iba’t ibang laki ng espasyo ay madaling baguhin ang pagkakaayos ayon sa mga pangangailangan ng nangungupahan.

Ang layout ng istruktura at praktikal na gamit ng Mint Mall ay gaya ng sa ilang ibang gusali sa San Francisco at sa Pilipinas. Ayon sa dating artistic director ng Bindlestiff Studios na si Allan Manalo, ang Mint Mall ay nagagamit na katulad ng maraming lumang gusali sa Manila na itinayo noong dekada 30 at 40 na muling ginamit bilang mga mini-mall, at karamihan sa mga ito ay matatagpuan sa shopping district ng Divisoria.¹⁹ Inihambing ng executive director ng Sistema ng Aksyon ng Komunidad ng South of Market na si Angelica Cabande, ang Mint Mall sa mga gusaling may iba’t ibang gamit na karaniwang matatagpuan sa *mga barangay*²⁰ sa Pilipinas:

¹⁶ Angelica Cabande, (2024, Agosto 14), panayam para sa Mint Mall (Z. Frial at M. Corrette, mga tagapanayam).

¹⁷ E. Habal, *International Hotel ng San Francisco: Pag-oorganisa sa Komunidad ng Filipino American sa Kilusang Laban sa Pagpapaalis sa Tirahan* (Philadelphia: Temple University Press, 2007), 53.

¹⁸ C. Hartman, *City For Sale, Ang Pagbabago ng San Francisco* (Berkeley, CA: University of California Press, 2002), 337.

¹⁹ Allan Samson Manalo (2024, Nobyembre 20), panayam para sa Mint Mall (Z. Frial at M. Corrette, mga tagapanayam).

²⁰ Ang terminong *barangay* ay ginagamit sa Pilipinas upang ilarawan ang “isang maliit na administrative district na bumubuo sa pinakamababang lokal na antas ng pamahalaan.”

Sa Pilipinas, ang mga pangkomersyong espasyo ay kadalasang nakalaan para sa mga *sari-sari* store, o mga tindahan sa kanto. Ang pagkakaiba lang ng Mint Mall ay mayroon din itong mga non-profit na mga nangungupahan. Pero maliban doon, parehong-pareho ito. Nakatira ka sa itaas. Pumupunta ka sa ibaba. Kilala mo ang lahat o ang karamihan ng mga tao na nasa pangkomersyong espasyo. Puwede kang maghang out doon. Puwede kang makipag-usap sa mga tao roon sa iyong wika.”²¹

Nabanggit din ni Cabande na dahil sa malapit na ugnayan at pagtuon sa komunidad na katangian ng Mint Mall and Hall, kumikilos ito na tulad ng isang *barangay* na nasa iisang gusali. Inihambing ng mayari ng isa sa mga negosyo sa basement ng Mint Mall na si Lorenzo Listana, ang Mint Mall sa dalawang gusali sa Tenderloin: 155 Turk St. (na pag-aari rin ng pamilyang Nocon) at 57 Taylor. Ang dalawang gusali ay pangunahing tinitirhan ng mga Filipino na nangungupahan, ngunit wala silang negosyo o non-profit na Filipino sa mga pangkomersyong espasyo sa ground floor gaya ng sa Mint Mall.²²

Ang mga espasyo para sa retail ng Mint Mall ay tinirhan ng maraming negosyo, non-profit, at grupong pansining na Filipino. Noong 1998, inilipat ni Marie Romero ang Arkipelago Books mula 6th St patungo sa basement ng Mint Mall. Ang Arkipelago Books ay isa sa ilang Filipino specialty na bookstore at tagapaglathala ng aklat sa buong United States.²³ Binuksan nina Yaying Borgonia at ng kanyang kapatid na si Boying Tuala ang restaurant na New Pilipinas sa unang palapag ng Mint Mall noong 1994. Sila rin ang parehong nagmamay-ari ng beauty salon na Hair Pro.²⁴ Ang pagmamay-ari ng restaurant na New Pilipinas ay ipinasa kalaunan sa kanilang kapatid na si Tess Diaz noong 2005, na nagpalit sa pangalan nito at ginawang JT Restaurant pagkalipas ng limang taon.²⁵ Si Pablo Gravador, nakilala sa komunidad ng mga Filipino bilang si Mang Pol, ang nagtatag ng Filipino American Music and Arts Society noong 1991 at naglingkod siya bilang hospitality director para sa Likha-Pilipino Folk Ensemble. Ang kanyang anak na babae ay nagturo rin ng voice lesson at piano lesson sa Mint Mall, karaniwang sa mga nangungupahang nakatira sa itaas.²⁶

Habang hinihintay nilang matapos ng Redevelopment Agency ang pagpapatayo ng kanilang teatro sa 6th St, nakihati sa opisina ang Filipino na grupong panteatro na Bindlestiff Studios kasama ang Arkipelago Books at ang Manilatown Heritage Foundation sa basement ng Mint Mall. Ang Bindlestiff Studios ay madalas magsagawa ng mga ensayo at performance workshop sa ibabang pasilyo ng Mint Mall. Ang Filipino na grupong panteatro na Teatro ng Tanan ay nag-okupa rin ng espasyo sa basement ng Mint Mall.²⁷ Kabilang sa iba pang non-profit na dating nagkaroon ng mga opisina sa Mint Mall ang West Bay Pilipino Multi-Service Center, Pilipino Early Intervention Project, Pilipino AIDS Project, Filipino American Development Foundation, at Pilipino Senior.

²¹ Cabande, panayam para sa Mint Mall.

²² Lorenzo Listana (2025, Abril 24), panayam para sa Mint Mall (Z. Frial at D. Woo, mga tagapanayam).

²³ C. J. Ferrer, “Her Arkipelago,” *Lahi, Kahirapan at ang Kapaligiran* Volume 21, Numero 2 (2017), <https://www.reimaginerpe.org/21-2/ferrer-arkipelago>, in-access noong Agosto 22, 2025.

²⁴ R. Kim, “HUB IN CRISIS / Pagpapaalis sa Tirahan na Nagpapataboy sa Mga Negosyong Filipino American / 5 Kumpanya na Lang ang Natitira sa Mint Mall sa Mission St., — Rally Gagawin Upang Isapubliko ang Kalagayan,” *SFGate* (2000, Disyembre 14), <https://www.sfgate.com/news/article/hub-in-crisis-evictions-dispersing-filipino-3236232.php>, in-access noong Agosto 22, 2025.

²⁵ Tess Diaz (2025, Enero 22), panayam para sa Mint Mall (Z. Frial at W. Galila, mga tagapanayam).

²⁶ Pablo Gravador (2025, Abril 7), panayam para sa Mint Mall (Z. Frial at W. Galila, mga tagapanayam).

²⁷ Manalo, panayam para sa Mint Mall.

Resource Center, at Korporasyon sa Pagpapaunlad ng Komunidad ng Mga Filipino.²⁸ Kabilang sa iba pang negosyo na dating matatagpuan sa o kasalukuyang nasa loob ng Mint Mall ang Super Reproductions, Aeroskin Worldwide (isang kumpanya ng swimwear), Nida's Hair Salon, Mejia Hair Cutters, ADY Beauty and Barber Shop, at Palm Travel Agency. Nabanggit din ng mga nakapanayam na dating may doktor ng medisina na Tsino, isang tindahan mabibilhan ng scrubs at unipormeng medikal, isang negosyo sa pagpapadala at isang remittance center.²⁹ Ang Jesus Christ Son of God Christian Church ay nagsasagawa rin ng mga serbisyo sa basement ng Mint Mall.³⁰

Ang residensyal na bahagi ng gusali, na kilala bilang Mint Hall, ay karaniwang nagsilbing "stepping stone" para sa mga bagong dating na imigranteng Filipino sa San Francisco Bay Area. Ayon kay Canlas, sinasamantala ng karamihan sa mga bagong dating ang rent-controlled at abot-kayang pabahay sa Mint Hall upang makapag-remit ng pera sa kanilang mga pamilya sa Pilipinas at makapag-ipon ng sapat na pera para makabili ng bahay sa mga suburb ng Bay Area. Gayunpaman, sa halip na tapusin ang kanilang mga lease para sa kanilang mga unit sa Mint Hall, pinipili ng mga pamilyang ito na "ipasa ang kanilang kasunduan sa pag-upa sa susunod na kamag-anak," na nagbibigay-daan sa kanilang makapagsimula sa San Francisco.³¹ Ayon sa pagbubuod ni Mang Pol, "siyempre, umaalis ang lahat sa lungsod sa sandaling magkaroon na sila ng magandang buhay." Kailangan mong lumipat sa mas malaking lugar. Natural lang iyon. Kaya kami nagpupunta rito [sa Mint Hall]. Pagkakataon namin itong maging maunlad at maabot ang mga mithiin namin."³²

Ang kuwento ng imigrasyon nina Nix Guirre at ng kanyang inang si Ester Guirre ay halimbawa ng karanasan ng maraming pamilyang Filipino na nag-migrate sa San Francisco at lumipat sa Mint Hall. Ang sabi ni Nix:

"Para sa amin, doon kami unang nakapagsimula. At naaalala kong binanggit ng nanay ko sa akin na, "pansamantalang lugar lang ito na titirhan natin." Pero pagkalipas ng labinlimang taon, naroon pa rin kami dahil rent-controlled ito. Para kaming nasa sarili naming bansa. Hindi lang dahil sa gusali, gaya ng demograpiko ng mismong gusali at ang mga negosyong nakapaligid dito, pero dahil na rin sa SOMA Pilipinas Filipino Cultural Heritage district, lahat ng kaganapan, at ang Kapwa Gardens na katabi lang."³³

Ang unit ng pamilyang Guirre sa Mint Hall ay nagsilbing paraan para sa pamilya na matulungan ang mga kapatid ni Nix na makapagsimulang mabuhay sa San Francisco. Ang kapatid ni Nix at kanyang pamilya ay pansamantalang tumira sa unit ng kanilang mga magulang hanggang sa makahanap sila ng sarili nilang tirahan. Ayon kay Nix, ganoon din ang plano nilang gawin para sa kanyang kapatid at kanyang pamilya:

"Sinusubukan naming palipatin din siya rito. Mayroon siyang dalawang anak at fiancé. Ito ang pinakaangkop na lugar para sa kanila para makapagsimula. Ang kanyang fiancée ay lumaki sa mga rural na lugar ng Pilipinas at hindi pa talaga siya magaling sa English. Kaya sa palagay ko ay magiging mahalaga para

²⁸ Page & Turnbull, 26; Canlas, panayam para sa Mint Mall; Manalo, panayam para sa Mint Mall

²⁹ Jeanne Batallones (2024, Setyembre 18), panayam para sa Mint Mall (Z. Frial, tagapanayam); Manalo, panayam para sa Mint Mall; Listana, panayam para sa Mint Mall.

³⁰ Gay Nell Parks (2025, Agosto 4), panayam para sa Mint Mall, (Z. Frial, W. Galila at A. Lim, mga tagapanayam)

³¹ Canlas, panayam para sa Mint Mall.

³² Gravador, panayam para sa Mint Mall.

³³ E. at N. Guirre, panayam para sa Mint Mall.

sa kanya na mapaligiran ng iba pang Filipino para makapagsalita sa parehong wika at matulungan siyang maging mas kumportable dahil sinusubukan niya at ng kanyang mga anak na makisama, bilang paraan para mag-survive....At siyempre, hindi malayo ang Bessie [Carmichael School]. Mayroon silang programa para sa wikang Filipino. Kaya napakaraming bagay rito na makakatulong sa mga bagong imigrante, gaya ng kung paano namin nagawang umayon sa bagong buhay namin sa ibang bansa.”³⁴

Kahit na nakabili na sila ng kanyang asawa ng bahay sa Manteca, patuloy na naninirahan si Ester sa unit sa San Francisco dahil “kailangan pa rin niyang manatili rito sa lungsod at wala nang ibang lugar na talagang abot-kaya para sa kanya kundi ang espasyo sa Mint Hall.”³⁵ Sumasang-ayon ang dating executive director ng Sistema ng Aksyon ng Komunidad ng South of Market na si Jeanne Batallones, na ang Mint Hall ay “malamang na isa sa mga natitirang gusali... kung saan kaya ng pamilyang Filipino na magtrabaho sa downtown at manirahan din doon.”³⁶

Dahil sa maliit na sukat ng mga unit sa Mint Hall, nagiging mga pampublikong espasyo na talaga ang mga pasilyo, daanan, at pampublikong pasukan. Para sa ilan, gumagawa ito ng dynamics na nagpapaalala sa buhay sa Pilipinas na iniwan ng mga imigrante. Gaya ng inilarawan ni Nix Guirre,

“Kaya pagpasok mo sa Mint Hall, makikita mo ang mga nakatatanda, na nakaupo lang katabi ng pinto, dahil wala naman talagang common space sa loob ng Hall. Kaya nagsisilbing lobby na iyon...Maraming bata ang naglalaro lang sa pasilyo. Partikular sa palapag namin, may mga batang naglalaro ng volleyball sa tapat lang ng elevator. At kung minsan naman, may mga taong nag-iinuman, nagka-karaoke, o tumutugtog ng musika. Mararamdaman mong parang nasa mga kalye ka ng Pilipinas. Dahil wala talagang espasyo kung saan sila makakapag-hang out. Kaya napapangiti ako kapag nakikita ko silang pinapahalagahan kung ano ang mayroon tayo.”³⁷

Dahil sa maliit na sukat ng mga residensyal na unit, makikita rin ang kahalagahan ng pagkakaroon ng mga Filipino na negosyo sa ibabang palapag, gaya ng JT Restaurant. Dahil walang pantry kung saan makakapagtabi ng pagkain, ang mga residente sa Mint Hall ay “bumibili lang ng kaunting suka, kaunting bigas, hindi ang buong bote o pakete. Ang kagandahan doon ay nananatiling buhay ang mga Filipino na grocery dahil hindi sila bumibili nang bultuhan, hindi sila bumibili ng marami. Kaya kung mayroon ka ng mga ganoong klaseng tindahan, ganyan ang Mint Mall. [Iyan] ang market mo.”³⁸ Sa katunayan, nagsimulang magbenta ng mga grocery si Tess Diaz sa JT Restaurant noong panahon ng pandemya ng COVID-19, bilang karagdagang pinagkakakitaan at upang makapag-supply ng mga grocery item sa mga residente sa itaas.³⁹ Ang diwa ng pakikipagtulungan ay nagpapakita ng konseptong *bayanihan* ng mga Filipino.

³⁴ Idem.

³⁵ Idem.

³⁶ Batallones, panayam para sa Mint Mall.

³⁷ E. at N. Guirre, panayam para sa Mint Mall.

³⁸ Canlas, panayam para sa Mint Mall.

³⁹ Diaz, panayam para sa Mint Mall.

Ang Mint Mall Bilang Lugar ng Pakikibaka

Ang diwa ng *bayanihan* ay nakita sa Mint Mall sa dalawang mahalagang pangyayari noong nanganib na mawalan ng tirahan ang komunidad ng mga Filipino. Noong 1997, ang Delta Hotel na pagmamay-ari ng pamilyang Borja ay nasunog kaya maraming Filipino na beterano ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig ang nawalan ng tirahan. Daan-daang *beterano* ang nangailangang mag-migrate sa San Francisco Bay Area pagkatapos ng mga pagbabago sa mga batas sa imigrasyon na nagbigay-daan sa kanilang ma-naturalize bilang mga mamamayan ng U.S. Gayunpaman, dahil sa Batas sa Pagbawi ng 1946, na nagtanggag sa *mga beterano* ng mga benepisyong ipinangako ng gobyerno ng U.S. kapalit ng pagseserbisyo sa militar ng U.S. noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig (kolonya ng U.S. ang Pilipinas noong panahong iyon), maraming *beterano* ang namuhay sa kahirapan pagkatapos nilang mag-migrate at magsiksikan sa maliliit na unit sa Delta Hotel at Mint Mall.⁴⁰ Maraming *beterano* ang nagtipon sa Powell at Market o sa basement ng Mint Mall, kung saan sila tumatanggap ng serbisyon medikal mula sa isang Tsino na doktor.⁴¹ Pagkatapos ng sunog sa Delta Hotel, ang Mint Mall ang naging “ikalawang tahanan” para sa mga *beteranong* nawalan ng tirahan, lalo na dahil mayroong mga non-profit provider na nagbigay sa kanila ng pagkain, damit, at iba pang serbisyo. Para kay MC Canlas, ang *pagbabayanihang* ito ay ang nagbigay-daan upang maging buhay na sentro ng komunidad ang Mint Mall. Itinatag ng mga kabataan, mga estudyante sa kolehiyo, at mga community organizer ang Veterans Equity Task Force upang ipagpatuloy ang pagbibigay ng serbisyo sa *mga beterano* at ipaglaban ang kanilang mga benepisy.⁴² Ang Task Force ay pormal na ginawang Veterans Equity Center, na ngayon ay kilala bilang Bayanihan Equity Center.⁴³

At noong huling bahagi ng dekada 90, nagsimulang makaranas ng mga banta sa pagpapaalis ang mga Filipino na matagal nang residente sa South of Market dahil sa dot-com boom, gayundin ang maliliit na negosyo. Ayon kay Batallones, “lumipat ang mga startup na kumpanyang ito sa komunidad dahil pangunahin pa rin itong itinuturing noon gaya ng isang multi-use na komunidad [at] abot-kaya.”⁴⁴ Daan-daang nangungupahan na may mababang kita ang hindi na kayang magbayad ng singil sa upa o pinaalis sa pamamagitan ng Batas Ellis, habang ang mga multi-family na ari-arian ay ginawang mga live-work loft para sa mga manggagawa sa tech at nawala rin ang maraming trabaho para sa proletaryo sa komunidad dahil ang mga industriyal na bodega ay ginawang opisina para sa mga tech start-up.⁴⁵ Ang Koalisyon Laban sa Pagkawala ng Tirahan sa SOMA (SOMA Anti-Displacement, SOMAD) na naging Sistema ng Aksyon ng Komunidad ng South of Market (South of Market Community Action Network, SOMCAN) ay nabuo upang labanan ang pagkawala ng maraming tahanan at negosyo na naging banta sa kakayahan ng komunidad ng mga Filipino na manatili sa South of Market.⁴⁶ Ang ikalawang mahalagang pangyayari ay naganap noong 2000 nang makarating ang banta ng pagpapaalis sa mga negosyo sa Mint Mall, na kinikilala noon bilang isang “makasaysayang pook para sa mga Filipino sa South of Market.”⁴⁷ Gaya ng laban upang mailigtas ang I-Hotel bago ito, ang kampanyang “Save the Mint Mall” ang nagpasimula ng makabagong aktibismo para sa komunidad ng mga Filipino. Sa pagtatangkang mapakinabangan ang dot-com boom, ang pamilyang Nocon, sa pamamagitan ng kanilang ahente sa komersyal na pagpapaupa na Meridian Management Group, ay tumanggap i-renew ang mga lease para sa mga establisimyentong nagseserbisyo sa mga Filipino sa Mint Mall, upang makinabang sa mataas na demand para sa espasyo para sa opisina

⁴⁰ Page & Turnbull, 17, 29.

⁴¹ Batallones, panayam para sa Mint Mall.

⁴² Canlas, panayam para sa Mint Mall.

⁴³ Ulat Tungkol sa CHHESS ng SOMA Pilipinas, 45.

⁴⁴ Batallones, panayam para sa Mint Mall.

⁴⁵ Ulat Tungkol sa CHHESS ng SOMA Pilipinas, 44.

⁴⁶ Raquel Redondiez (2024, Agosto 28), panayam para sa Mint Mall (Z. Frial at M. Corrette, mga tagapanayam).

⁴⁷ SOMCAN Taglagas 2002 newsletter, 2. koleksyon sa Pamublikong Aklatan ng San Francisco.

na susuporta sa mga dot-com start-up na nagbabayad ng mas malaki.⁴⁸ Pagsapit ng Setyembre 2000, nakatanggap ng mga abiso sa pagpapaalis ang Teatro ng Tanan, Super Reproductions, at isang non-profit na nagseserbisyo sa mga kabataan.⁴⁹

Nabuo ang Komite sa Pag-oorganisa ng Mint Mall (Mint Mall Organizing Committee, MMOC) upang labanan ang patuloy na pagpapaalis sa mga espasyo para sa mga Filipino tulad ng Arkipelago Books, Filipino American Music & Society, at New Filipinas Restaurant mula sa Mint Mall. Sa pangunguna ng may-ari ng Arkipelago Books na si Marie Romero, at mga nagtayo ng SOMCAN na sina Bill Sorro, Jeanne Batallones, at Roy Recio, nakipagtulungan ang MMOC kay Gen Fujioka ng Asian Law Caucus upang tutulan ang pamilyang Nocon at Meridian Management batay sa paglabag nila sa mga zoning code at ilegal na pagbabago ng espasyo para sa retail sa Mint Mall sa espasyo para sa opisina. Pagkatapos ng mga pagpupulong, rally, at pagdinig sa komisyon sa loob ng dalawang taon, nagtagumpay ang MMOC na makipagkasundo para sa mga pangmatagalang lease para sa mga negosyo at non-profit ng mga Filipino.⁵⁰

Ang tagumpay sa Mint Mall ay iniuugnay ni Batallones sa pamumuno ni Marie Romero:

“Mahirap kapag nangungupahan ka at papaalisin ka, at hihilingin sa iyong tutulan ang landlord mo. Napakatapang niyang ginawa ito, bilang isang taong direktang maaapektuhan bilang nangungupahan. Ngunit ang kanyang pagiging handa na maging mukha ng kampanya ay ang pinakamahalaga. Dahil sa palagay ko ay gusto rin ng iba pang nangungupahan na tutulan ang pagpapaalis, ngunit lubos din silang nag-aalinlangan na gawin ito, lalo na kapag ipinapakita ng pamunuan na hindi sila makikipagnegosasyon... Ang buong ideya ng pagliligtas sa lokal na bookstore na ito ay talagang sumisimbolo sa iba't ibang ipinaglalaban ng mga tao noong panahong iyon. At ngayon, talagang nagbago na ang mga bagay-bagay dahil wala na tayong nakikitang mga bookstore.”⁵¹

